# I

Si Jared Monte Verde, twenty-three years old, isang *Grab* driver, ay panganay sa apat na magkakapatid. Ang kanyang ina na si Aling Dina ay tindera ng pares sa maliit na puwesto sa harap ng kanilang bahay. Mataas ang pangarap ni Jared sa buhay, ibig niyang makatapos ng kurso upang ganap na matulungan niya ang ina at mga nakababatang kapatid.

Maganda naman ang kinikita niya sa trabaho, at sa katunayan nga, nakakapagbigay pa siya sa kanyang ina para pandagdag sa panggastos para sa mga pangangailangan nila

sa araw-araw. Mabait at magalang si Jared sa mga customers niya, at kahit sa mga food chains na kinukunan niya ng produkto, kilala siya bilang matapat at mapagkakatiwalaang *Grab* driver. Mga orders lamang na food ang tinatanggap ni Jared, kaya siya mismo ang kumukuha ng produkto ayon sa kagustuhan ng mga customers.

"Balete Drive, New Manila," sagot ni Jared sa kasamahan nang tanungin kung saan ang ruta niya sa pagdadala ng pagkaing order ng customers.

"Naku po, p're, ingat ka sa lugar na 'yan. May lumalabas na white lady diyan," babala ng kasamahan niya.

"P're, matagal na 'yang kuwentong barbero na 'yan, p're. Halos dekada na ang nakalipas mula nang mauso ang kuwentong 'yan," sagot ni Jared habang inaayos ang food box sa kanyang carrier. "Isa pa, parang taong ahas lang 'yan ng isang mall, mga urban legends na walang matibay na ebidensya kung totoo," dagdag pang paliwanag niya.

"Kung sa bagay, ang dami naman kasing fake news ngayon kaya mahirap na basta na lang tayo maniniwala sa mga kung anu-anong kuwento," pagsang-ayon naman ng

kasamahan.

Ilang sandali lamang, binabagtas na ni Jared ang Aurora Road malapit sa Cubao at ilang minuto pa ang lumipas, narating na niya ang New Manila at nasa Balete Drive na. May mga antigo at naglalakihang bahay sa tig-kabilang kalsada, at nang makita ni Jared ang malaking lumang gate ng isang mala-mansyong bahay, tinawagan na niya ang customer.

“Miss, narito na ako sa tapat ng gate ninyo, dala ko na ang orders ninyo,” sabi ni Jared sa kausap sa phone.

“Okay. Wait lang ha, lalabas na ako,” tugon ng babae.

Isang magandang babae ang lumabas.

“Wow, thank you! Ang bilis naman, ’andito ka na agad,” nakangiting wika nito.

“Ano, miss, malapit lang naman kasi ang base ko dito sa area ninyo. At isa pa, mabilis hanapin ang address mo,” nakangiti ring sagot ni Jared habang ina-unload ang idineliver na pagkain.

“Magkano nga pala, kuya, ang bill?” untag ng babae na tinanggap ang food box. “Sandali lang ha, ibaba ko lang sa hagdan itong box.” Tumalikod ang babae at ipinatong ang food box sa step ng malaking kongkretong hagdanan

paakyat ng mansyon.

"Kinakabahan akong mag-deliver dito sa area mo, miss," amin ni Jared nang muling humarap sa kanya ang babae.

"Bakit ka naman kakabahan? Bakit, mukha ba akong white lady?" tanong ng babae dahil natunugan nito ang tinutukoy niya.

"Isang magandang white lady pala ang customer ko," pa-cute pang pahayag ni Jared.

"Naku, kuya, tigilan mo 'ko. Kayo talagang mga *Grab* drivers, bolero. Magkano nga ang bill ko? Baka lumamig na ang food," tila nahihiyang balik ng customer.

"Two thousand eleven, miss...?" tugon ni Jared.

"Diwa, call me Diwa," pakilala nito.

"Wow, mukha ka ngang diwata, miss. From now on, sa akin ka na laging o-order ng food. Please save my number, save ko na rin number mo sa phone. I'm Jared, at your service, Diwa. Open 24/7, anytime, anywhere basta ikaw ang o-order," pahayag ni Jared habang tinatanggap ang bayad. "Your receipt, Miss Diwa."

"Salamat," nakangiting pang balik ng babae.

"Okay, Miss Diwa, see you soon," pamamaalam ni Jared. Tinatanaw pa nito ang

papalayong motorcycle niya.

Pasado alas otso na ng gabi nang makarating si Jared sa kanilang tahanan sa Santolan, Pasig.

"Kuya, wala bang return order diyan? Nakakasawa na ang pares ni Nanay, maiba naman, kahit French fries man lang or burger kaya," salubong ng bunso niyang kapatid na si Buriko.

"Sorry, legit orders lahat ang deliveries ko maghapon, kaya bumili na lang ako ng friend chicken para sa hapunan natin. At siyempre para may sabaw, sabaw ng pares ni Nanay ang hihigupin natin," balita ni Jared sa kapatid.

"Sige, Kuya, akina 'yang friend chicken, ihahanda ko na mesa," ayon naman sa pangalawa sa bunso na si Kylah, grade 11 na ito.

Lumapit din si Pauline, ang sumunod kay Jared at nasa second year college na sa state university ng Marikina.

"Kuya, 'yung para sa project namin ha. Bukas na ang deadline ng ambagan namin," hiling ni Pauline.

"Oo. Magkano ba 'yon?"

"Six hundred, Kuya, para sa video presentation namin. Nagbayad kasi kami ng

editing at graphics. Send ko sa 'yo 'yung video, matatakot ka talaga! Kami nga, kinilabutan habang shinu-shoot namin 'yung video," dagdag pa ni Pauline.

"Bakit, ano ba'ng isyu ninyo? What I mean is, ano'ng topic ng video ninyo?" balik ni Jared.

"Mga elementals, mga supernatural na kuwento. Sinadya pa nga namin 'yong respondent namin na trending sa *TikTok*, 'yon bang mga duwende na naninirahan sa isang bahay sa Antipolo. Kinilabutan nga kami kasi napagalaw talaga ng duwende 'yung mga bagay na itinuturo n'ung matandang lalaki," patuloy na kuwento ni Pauline.

"O siya, daming kuwento! Hala, tulungan mo na si Kylah at pupuntahan ko lang si Nanay," utos niya sa kapatid.

Tinungo ni Jared ang puwesto ng tindahan ng ina. Kahit gabi na, marami pa ring bumibili at kumakain doon.

Lumapit si Jared sa ina.

"Mano po, 'Nay," bati niya saka ginagap ang kamay ng ginang at inilapit sa sariling noo.

"Kaawaan ka ng Diyos, anak. Mukhang napaaga ka ngayon?" usisa ni Aling Dina.

"Nag-Stop Order na ako bago pa mag-alas syete ng gabi. May pasok kasi ako bukas nang

half-day, kaya dapat makapaghanda man lang ako sa mga school works ko," sagot niya habang naglalagay ng sabaw sa mangkok. "Siyanga pala, Inay, si Pauline na muna ang patauhin natin dito sa tindahan mo at nang makasabay ka naman namin sa pagkain," hiling ni Jared.

"Ay hala, p'wede namang isarado na ang tindahan, at kakaunti na rin naman ang nailaga kong laman-loob at balat ng baka, kaya sabaw na lamang ang natitira sa kaldero. Sige na, mauna ka na sa loob at ako'y susunod na. Aayusin ko lamang dito sa tindahan," utos ni Aling Dina.

Nasa elementary pa lamang si Jared nang kasamang napatay ang kanyang ama sa isang engkwentro ng mga hold-upper at mga pulis sa Quezon. Napagkamalan itong kasama ng mga nang-hold-up sa isang pampasaherong van. Walang nagawa ang kanyang pamilya upang ipaglaban ang kanilang ama at patunayang hindi ito masamang tao.

Habang kumakain ang mag-iina ng kanilang hapunan, matamang nakikinig ang magkakapatid sa mga tagubilin at payo ni Aling Dina.

"Kapag dumilim na ang sulok, kayong mga bata, dapat nasa loob na ng bahay. Hindi kayo

dapat magtiwala sa mga taong hindi ninyo naman kilala. Sa hirap ng panahon ngayon, maraming nawawalang bata, kaya dapat, ibayong pag-iingat ang gawin ninyo," sermon ng ina para sa mas batang anak.

"Kaya nga, 'Nay, kapag may tumitigil na puting van sa tabi ko, tumatakbo agad ako. Nangunguha daw po ng mga bata ang puting van, ibinibenta daw po ang mga laman-loob. 'Nay, hindi kaya 'yung mga binibili n'yo sa palengke para sa pares ninyo, 'yon ang mga laman-loob ng tao na ibinebenta ng mga nakasakay sa loob ng puting van?" usisa ni Buriko.

"'Luh! Eh, di kumakain ka pala ng laman-loob ng tao? Kasi halos makaapat na sandok ka ng pares ni Nanay sa buong maghapon, eh!" balik naman ni Kylah.

"Tumigil ka na nga diyan, Buriko. Ang layo ng mga sinasabi mo sa mga ipinaliliwanag ko sa inyong magkapatid. At ikaw naman, Pauline, huwag ding magpagabi. Kung p'wedeng dito mo na lang gawin ang mga assignments mo sa bahay, mas mabuti. Hindi 'yong kung kani-kaninong bahay ka pa pumupunta," baling ni Aling Dina sa isa pang anak.

"Inay, group work po 'yon kaya kailangang

sama-sama kami sa ginagawang group projects at group research. Ang hirap kaya ng college, napakaraming dapat gawin," katuwiran ni Pauline.

"At kayong maliliit ha, kaysa sa magtakbuhan kayo nang magtakbuhan sa labasan, tulungan ninyo ang Inay sa tindahan. Maghugas man lang kayo ng mga pinagkainan ng mga customer ni Nanay," utos naman ni Jared.

"Aba, Kuya, sa oras na dumating ako galing eskuwela, nasa lababo na agad ako ni Nanay para tulungan siyang hugasan ang mga mangkok na pinagkainan ng mga customers niya," pagmamalaki ni Kylah.

"Mabuti naman kung gan'un," aniya.

Kinabukasan, sa state university sa Marikina City, pumasok si Jared. Business Management ang kinukuha niya, at huling taon na niya para matapos ang kurso.

Nang pumasok siya sa classroom, agad siyang naupo sa tabi ng kaklaseng si Andrea.

"Bes, may assignment ka ba?" tanong nito.

"Oo naman. Bakit, ikaw ba?" balik ni Jared.

"Ako pa ba ang mawawalan? Naisip ko lang

kasi, baka dahil sa pagga-*Grab* mo, nalimutan mong gumawa ng assignment," paliwanag ni Andrea.

Mula elementarya, magkaklase na sina Andrea at Jared. Kaibigan ni Jared ang kasintahan ni Andrea na si Kiffer. Sa ibang universidad nag-aaral si Kiffer, doon sa España.

"Madalas ba kayong nagkikita ni Kiffer?" tanong ni Andrea.

"Hindi na madalas, busy na kasi ako sa work. Isa pa, parang ganoon din si Kiffer, di ko na nga siya nakikita sa tambayan, eh. At saka hindi na rin ako makatambay, dumaraan lang ako at kumakaway sa mga barkada sa tambayan," kuwento ni Jared.

"Wala namang problema, regular naman siyang nagpi-PM sa akin. Madalas nga, video call pa. Ikaw, 'musta naman love life mo? Mayroon na ba, bes?"

"Naku, wala sa plano 'yan. Mahirap, alam mo naman ang sitwasyon ko, dapat pagtuunan ko ng pansin kung paano ko matutulungan ang Inay sa mga gastusin namin sa araw-araw. Kaya todo-kayod ako," sagot niya.

"Alam mo, proud ako sa 'yo, bes. Alam kong malayo ang mararating mo, kasi ang mabuting bata, pinagpapala ng Diyos. Makikita mo,

balang araw, matutupad mo rin ang mga bagay na gusto mong mangyari sa buhay mo,” may himig ng paghanga na sabi pa ng katabi.

Biglang tumunog ang cell phone ni Jared.

“Wait lang. Wala pa naman prof natin, may tawag lang sa akin,” paalam ni Jared sa kaibigan at lumabas na ng silid-aralan.

“Hello, good morning po,” magalang na sagot niya sa tawag.

“Jared! Si Diwa ito, ’yong customer mo sa New Manila,” pakilala nito.

“Ay, sorry. Oo nga pala, hindi ko pa kasi naise-save name mo sa phone ko,” paliwanag ni Jared.

“Ang daya mo ha. Ako nga, pag-alis mo pa lang yesterday, ini-add na kita sa phone book ko,” tila may pagtatampo pa si Diwa.

Nag-init ang pisngi niya sa hiya. “Naku, sorry. Sige, gagawin ko na after nito.”

“Ano, p’wede ka ba now? Papa-deliver sana ako ng food?”

“Naku, sorry, Diwa, mamaya pang 2:00 p.m. ang resume ng delivery ko. Nasa school kasi ako now. Pero kung okay sa ’yo, after my class, priority kita.”

“Ah, okay. Sige, magpapaluto na lang ako ng lunch namin, then snacks na lang siguro

mamayang 2:00 p.m. ang i-deliver mo sa akin. I-PM ko na lang sa 'yo ang orders ko, p'wede?"

"Sure! Basta before 2:30 mamaya, nasa gate na ninyo ang orders mo," masayang sagot ni Jared.

Nakapasok na ang kanilang prof nang bumalik si Jared sa kanyang upuan.

"Mukhang may stalker ka, ah?" pabirong tanong ni Andrea.

"Nope. Customer 'yun, nag-order ng food kaso s'abi ko, may class ako kaya mamayang hapon na lang siya nagpapa-deliver," paliwanag ni Jared.

"Ingat ka sa work mo ha, ang daming trending moments ng mga *Grab* drivers ngayon," ani Andrea.

"Okay lang ako. Mabait naman ako sa customers, at siyempre, alam ko na ring makipag-deal sa mga medyo di okay na customers. Kung ayaw nilang tanggapin 'yung orders nila, iuuwi ko na lang sa bahay at marami d'ung nag-aabang ng mga return orders ko," natatawang kuwento ni Jared.

"Abonado ka pag gan'on," ayon kay Andrea.

"Di naman lagi, bihira lang mangyari."

# II

Matapos na makapag-purchase si Jared ng pagkain sa isang food chain sa Araneta, Cubao, agad na niyang inayos ang orders sa carrier ng kanyang motorcycle. Maingat na pinaandar niya ang kanyang motor, binaybay ang papalabas ng *Araneta Center* at humantong sa Aurora. Tumawid siya ng EDSA at naabutang may traffic sa pagbaba ng tulay makalampas ng EDSA.

Masikip ang traffic kaya bumaba ng motorcycle si Jared at inalalayan ang motor. Sumunod siya sa may mga motoristang ganoon din ang ginawa upang makawala sa traffic.

“Ano’ng mayroon, kuya?” usisa ni Jared sa alam niyang kapwa niya *Grab* driver.

“Motorcycle accident daw. Tumilapon ang rider at bumalandra sa poste ng *Meralco*. Parang dead on the spot ’yong rider,” tugon nito.

Malapit nang makababa ng tulay si Jared nang may mapansin siyang isang maliit na pulang box sa gilid ng kalsada, dinampot niya iyon ay tiningnan ang laman: isang singsing!

Matamang pinagmasdan niya ang kahon at inalam kung may makikita siyang palatandaan kung sino ang nagmamay-ari niyon. Inilagay ni Jared ang kahon sa bulsa ng jacket at ipinagpatuloy ang pag-alalay sa kanyang motor.

Sa ibabang bahagi ng tulay, nadaanan pa ni Jared na binubuhat ang katawan ng biktima ng aksidente papasok sa ambulansya. Hindi na niya ito nakita dahil natatakluban na ng makapal na kumot ang katawang nakalulan sa stretcher.

Makalipas ang ilang sandali, nakawala na si Jared sa traffic. Sumakay na siya ng motorcycle at ipinagpatuloy ang pagbagtas sa kahabaan ng Balete Drive sa New Manila Area.

Tinawagan niya si Diwa nang nasa may

gate na siya ng malaking bahay.

“Sorry, medyo na-delay ako nang ten minutes. Nagkaroon kasi ng aksidente doon sa may tulay makalampas ng EDSA. Ayon, medyo sumikip ang traffic kaya medyo na-delay ako,” paliwanag ni Jared.

“No problem. Wait lang, bababa ako,” sagot ni Diwa.

Nang makababa ang babae at makalapit sa gate kung saan nakatayo si Jared hawak ang box ng pagkain, napasigaw ito.

“Oh my God, what happened to you, Jared?” Nahintakutan si Diwa sa nakitang ayos ng binata. Punung-puno ito ng dugo sa mukha at sa buong katawan. “Ano ba’ng nangyari, ikaw ba ang naaksidente? Manang, Yaya, tulungan ninyo ako,” sigaw ng dalaga upang humingi ng tulong sa mga kasama sa bahay. “Halika, Jared, pumasok ka. Halika dali, kailangang malapatan ka agad ng pangunang lunas,” nalilitong wika ni Diwa.

“B-bakit, ano ba’ng nangyari? Ano’ng mayroon sa akin?” naguguluhang tanong ni Jared.

“God, Jared! Bakit tumuloy ka pa kung naaksidente ka na? Yaya, Manang, tulungan ninyo ako, tumawag kayo ng ambulance!

Si Mang Lauro, tawagin ninyo, ilabas ang sasakyan! Kailangang madala natin si Jared sa hospital," naluluha nang sabi ng dalaga.

Hindi naman malaman ni Yaya at ni Manang ang gagawin, labis din ang pagtataka ng mga ito sa ikinikilos at mga sinasabi ni Diwa.

"Ano po ba'ng nangyayari? Ano po ba'ng mayroon sa akin? Diwa, hindi ako ang naaksidente; nadaanan ko lang 'yong rider na naaksidente doon sa may Aurora, pagkababa ng tulay," naguguluhang paliwanag ng lalaki.

"No, you are hurt, you're full of blood! Manang, Yaya, si Mang Lauro, dalahin natin si Jared sa hospital," patuloy ni Diwa.

"Anak, Diwa, walang dugo, walang blood... maaring naaalimpungatan ka lang," paliwanag din ng yaya ni Diwa.

Lumapit si Manang kay Diwa at niyakap ito. Dama ni Manang ang pangangatal ng katawan ng alaga. "Anak, sige na, kami na lamang ang bahala kay Diwa. Yaya, ikaw na lang ang kumuha ng food at bayaran mo na rin si Mamang *Grab*," utos ni Manang at inalalayan ang alagang si Diwa na nangangatal dahil sa labis na takot.

Habang papalayo sa malaking bahay, matamang pinag-isipan ni Jared ang inasal ni Diwa. Paano siya magkakaroon ng dugo, gayong hindi naman siya ang naaksidente? Ni wala ngang galos ang kanyang katawan. Paano nasabi ni Diwa na tigmak ng dugo ang buo niyang katawan?

Bagaman at nakadama ng kaunting takot si Jared, naisip niya, maaring naalimpungatan lamang ang dalaga… o maaari kayang bago bumaba ng malaking bahay, nanonood ito ng horror movie kaya nang tumingin sa kanya, rumehistro ang pinapanood nitong movie sa kanya?

Kahit nang makauwi na siya sa kanilang bahay, hindi pa rin mawala sa isip ni Jared ang kakatwang nangyari sa kanya. Gusto sana niyang tawagan si Diwa upang kumustahin, pero iniisip naman niya na baka lalo pa itong matakot sa oras na marinig nito ang boses niya.

Napansin din ni Aling Dina ang pananahimik ng anak.

“Bakit, may problema ba? Nag-abono ka na naman ba? May nag-return order na naman?” usisa ng ginang.

“Wala naman po, medyo napagod lang yata ako,” magalang na balik ni Jared.

“Ay hala, magpahinga ka na muna, at gigisingin ka na lang namin kapag nakapagluto na ako ng ating pang-ulam. Bumili ako ng isdang talakitok sa palengke, gusto kong makahigop naman tayo ng sabaw ng isda, hindi ’yong palagi na lang sabaw ng pares ko.”

Walang sagot na pumasok ng kanyang silid si Jared. Hinubad niya ang suot na jacket at isinabit sa likuran ng pinto. Kinuha niya ang maliit na pulang box mula sa bulsa ng kanyang jacket saka nahiga sa kama.

Habang nakahiga, pinagmasdan ni Jared ang singsing. Alam niyang may halaga iyon dahil sa maliit na dyamante na nakalagay sa ibabaw.

“Engagement ring. Kanino kaya ang singsing na ito?” usal niya sa sarili. “Kawawa naman ang may-ari nito, baka pinag-ipunan niya ito nang mahabang panahon para lamang ialay sa babaeng minamahal niya,” patuloy na pagmumuni-muni ni Jared.

Hindi namalayan ni Jared na naidlip siya habang hawak ang kahon ng singsing sa kanyang dibdib.

Samantala, sa kusina, inihahanda na nina

Kylah, Pauline, at Aling Dina ang hapag upang sabay-sabay na maghapunan ang pamilya. Handa na rin ang masarap na sinigang na isda na niluto ng ina ng tahanan.

"Buriko, puntahan mo kuya mo sa kuwarto at gisingin mo. Huwag mong sisigawan, lapitan mo at bahagyang yugyugin. Sabihin mo, maghahapunan na tayo," utos ni Aling Dina sa bunsong anak.

Agad namang tumalima si Buriko at tinungo ang silid ng panganay na kapatid.

Maingat na binuksan niya ang silid ni Jared at maingat din sa paghakbang papalapit ng kama ng kapatid. Nang makalapit, malakas itong sumigaw.

Nagulantang sina Aling Dina, Pauline, at Kylah sa kusina.

"Ano'ng nangyari? Bakit sumigaw si Buriko?" kinakabahang tanong ni Aling Dina.

Agad na tinungo ng tatlong babae ang silid ni Jared. Humahagulgol na lumabas si Buriko mula roon.

"Ano'ng nangyari? Ano'ng nangyari sa Kuya Jared mo?" magkasunod na nahihintakutang tanong ng ginang.

"Nay, si Kuya! Duguan si Kuya, punung-puno ng dugo ang katawan niya! Pati buong

mukha niya!" patuloy sa pag-iyak si Buriko.

Lalong kinabahan si Aling Dina.

Mabilis na tumakbo sina Pauline at Kylah papasok sa silid ni Jared.

Hindi halos makatayo si Aling Dina sa labis na kaba sa ibinalita ng anak na si Buriko. "Ano'ng nangyari sa kuya ninyo?" tanong nito kay Kylah.

"Bakit, wala naman pong nangyari kay Kuya, ah," nakangiting sagot ng huli.

"Bakit po, Inay?" tanong ng naalimpungatan pang si Jared.

Nagluwag naman ang dibdib ni Aling Dina nang makitang wala namang masamang nangyari sa panganay na anak.

"Ito kasing batang ito, kung anu-ano ang pinagsasabi," hawak ang dibdib na sabi ni Aling Dina. "Hala, pumasok na kayo sa kusina at kumain na tayo."

"Hay naku, Buriko, kalalaro mo ng *ML*, kung anu-ano na ang nakikita mo," natatawa namang sabi ni Pauline.

Habang kumakain, tahimik lang si Buriko at pasulyap-sulyap sa kuya. Sa isip ni Buriko, hindi siya maaaring magkamali; nang lapitan niya ang kapatid na nakahiga sa papag, kitang-kita niya na duguan ang panganay na kapatid.

Kulapol ng dugo ang buong katawan ng Kuya Jared niya.

Matapos maghapunan, kinausap ni Aling Dina nang masinsinan ang anak na si Jared.

“Anak, kinakabahan ako sa pangitaing nakita ni Buriko kanina sa ’yo. Alam kong namamalik-mata lamang ang kapatid mo, pero mas mabuti siguro, magsimba tayo sa Quiapo sa Biyernes. Matagal na tayong hindi nakakapagsimba, eh,” hiling ng ina. “Alam mo naman, delikado ang trabaho mo. Alam kong maingat ka sa pagmamaneho mo ng motor, kaya lang, hindi ka nag-iisa sa lansangan; maraming mga hindi maiingat na driver. Maari tayong mag-alay ng dasal, hilingin natin sa Poong Nazareno na patuloy ka Niyang subaybayan,” dagdag pa ni Aling Dina.

“Sige po, Inay, mag-Stop Order ako sa Friday. Sumimba po tayo sa Quiapo,” pangsang-ayon ng binata.

Pero ang totoo, siya ma’y labis ding nagtataka sa dalawang pangitaing nangyari sa kanya nang isang araw: una ay ang pangitain ni Diwa. At kung ano ang nakita ni Diwa sa kanya, ganoon din ang nakita ng kapatid niyang si Buriko.

Buong maghapon ng Huwebes, tumanggap

ng order si Jared, subalit pinag-ibayo niya ang pag-iingat sa pagmamaneho. Lagi siyang umuusal ng maikling panalangin sa oras na magdi-deliver siya ng pagkain sa kanyang mga customer. Mas kailangan niyang maging maingat, hindi lamang para sa katuparan ng kanyang mga pangarap, kundi pati na rin sa mga kapatid na umaasa sa kanya.

Habang namamahinga sa waiting area ng isang food chain sa *Farmers*, isang tawag ang natanggap ni Jared, tawag mula kay Diwa. Halos dalawang araw na rin mula nang mangyari sa babae ang kakatwang pangitain.

"Jared, sorry. Naisip ko, parang na-carried-away lang ako ng movie marathon na pinanood ko. Natapos ko kasi ang *Conjuring 1* to *3* habang hinihintay ang pagdi-deliver mo ng food. Kaya siguro, hindi pa nawala sa isip ko ang mga napanood ko sa horror movies," paliwanag ni Diwa. "Sorry ha. Baka matakot ka nang mag-deliver ng food sa akin, lalo na dito sa Balete Drive. Alam ko naman na alam mong maraming kuwento dito sa lugar namin, kaya nga bihira ang tumatanggap ng delivery dito lalo na kapag gabi na," patuloy ni Diwa. "Sa Friday nga pala, inaaya ako nina Manang at Yaya na mag-Quiapo, puwede ka ba?"

“Really? Sisimba rin kasi kami doon ng family ko,” pagtatapat ni Jared.

“Ah, okay. Sige, sana magkita tayo doon. May ibibigay kasi ako sa ’yo. Text text na lang kapag nasa simbahan na tayo para maibigay ko ito sa ’yo,” sabi ni Diwa.

“Ano naman ang ibibigay mo sa akin?”

“Basta. Sa simbahan na lang, doon ko na lang ibibigay sa ’yo,” kaagad na balik nito.

“Sige. Siya nga pala, hindi naman ako natatakot na mag-deliver ng pagkain sa area ninyo. Hindi naman kasi ako naniniwala sa mga ganyang kuwento. Bunga lang ’yan ng malilikot na imahinasyon ng tao,” pangangatuwiran ni Jared. “Ang ganda naman ng name mo. Siguro ang tunay mong pangalan ay ‘Diwata’?”

“Yup. Ang Daddy ko ang nagbigay sa akin ng name ko. Dati siyang professor ng Anthropology sa isang malaking unibersidad dito sa Maynila. Pero ngayon, retired na siya. Magkasama sina Mommy at Daddy sa Europe, nagbabakasyon sila at next month pa ang uwi nila, kaya ako lamang, si Yaya, si Manang, at si Mang Lauro ang kasama ko dito sa house. Online schooling pa rin ako hanggang ngayon, kahit face-to-face na sa ibang schools,” patuloy na pagkukuwento ni Diwa.

Maaga pa ng Biyernes, handa na sina Aling Dina at mga anak nito upang magtungo sa Quiapo. Sa Araneta Station sila naghintay ng *MRT*. Mas mabilis ang biyahe dahil pagkababa nila, nasa Carriedo na sila at ilang hakbang na lamang, nasa Quiapo na sila. Gaya ng dapat asahan, pila sa pagsakay ng tren. At kahit nang bumaba na sila sa Carriedo, maraming deboto ang sisimba sa Quiapo.

Wala nang espasyo sa loob ng simbahan kaya sa tagiliran na lamang pumuwesto ang mag-iina. Nakaharap sila sa malaking monitor kaya kita ang misa ng pari sa loob ng simbahan.

Nang makapagdasal na ang lahat, iginiya ni Aling Dina si Jared sa isang mangdadasal na nakaupo malapit paninda nitong mga kandilang may iba't ibang kulay.

"Ale, alin po ang kandila para sa pagmamaneho? *Grab* driver po kasi ang anak ko," tanong ni Aling Dina sa tindera.

"Para kanino po?" balik-tanong nito.

Itinuro ni Aling Dina ang anak na si Jared.

"P-para sa kanya? Teka, anak, padama nga ng palad mo?" hiling ng ale. Hindi naman nag-atubili at inilahad niya ang kanyang kamay sa matanda. "Mainit ang kamay mo, anak. Hindi lamang ang pagsisindi ng kandila

ang kailangan mo; kailangan mo ng dasal, kailangan mo ng gabay upang mailayo ka sa mga nagbabantang panganib sa buhay mo."

Nakamata lamang si Jared bagaman hindi lubos na nauunawaan ang sinasabi ng matandang babae.

Si Aling Dina ang lumapit pa sa babae. "Sige na po. Maaari po ba ninyong alayan ng dasal ang anak ko?" hiling nito.

# III

Matapos maipagdasal si Jared ng nagtitinda ng kandila, binayaran na ni Aling Dina ang matanda.

“Bahala na po. Bayad na lang po sa kandila at donasyon sa dasal,” bulong ng matandang babae kay Aling Dina.

Tumunog ang cell phone ng binata.

“Hello, Jared, where are you na? Nandito kami sa harapan ng simbahan, hindi kami makapasok, ang daming tao,” ani Diwa.

“’Andito kami sa may side ng Carriedo. Hindi rin kami nakapasok, dito na lang kami sa monitor nanood ng misa,” balik ni Jared.

"Pareho lang pala tayo. Sa monitor din kami nakinig ng misa. After this, pupunta kami ng Binondo, kakain kami d'un. Gusto mo, doon na lang tayo magkita? Ilibre ko kayo ng food doon," anyaya ni Diwa.

"Naku, nakakahiya! Ang dami namin, ang lalakas pang kumain ng mga kasama ko," nahihiyang balik ni Jared.

"No problem. Sagot ko na. Basta magkita tayo sa sikat na resto sa Binondo, para makilala ko na rin ang family mo. Sige ka, pag nahiya ka at ini-snob mo ang invitation ko, last order ko na sa 'yo 'yung pina-deliver ko last time," pabirong pananakot ni Diwa.

"Sino'ng kausap mo, anak?" usisa ni Aling Dina.

"Regular customer ko po, 'Nay, si Diwa. Iniimbitahan niya tayo na kumain sa Binondo, walking distance lang ang resto mula dito," paliwanag ni Jared.

"Hindi ba nakakahiya naman sa kanya?"

"Sinabi ko nga po, kaso mapilit po siya eh. Pagbigyan na lang natin." Bumaling siya sa mga kapatid. "Guys, makinig kayo sa akin. May manlilibre sa atin sa resto sa Binondo. Mag-behave kayo ah! Kung ano lang ang nasa mesa, 'yon lang ang dapat nating kainin. Hindi

dapat umorder ng kung anu-ano. Remember, ililibre lang tayo," paliwanag ni Jared.

"Sino'ng manlilibre sa atin, Kuya?" usisa ni Buriko.

"Si Diwa, customer ko sa *Grab*."

"Baka naman jowa mo, Kuya?" sabat naman ni Kylah.

"Jowa agad, gan'un? Wala man lang bang ligawan? Bago ko pa lang kakilala at customer si Diwa. Mabait siya, at higit sa lahat..."

"Yayamanin," agad na dugtong ni Buriko sa sasabihin ng kuya. "Manlilibre eh, di mayaman." Nakangisi ito.

"Ah, basta. As I've said, behave kayo dapat..."

Sama-samang tinunton ng magkakapatid ang daan papasok ng Ongpin, hanggang makarating sila sa Binondo na nasa kabilang bahagi lamang ng simbahan ng Quiapo.

Nasa loob na ng resto sina Diwa. Kasama nito si Yaya, si Manang, at ang driver na si Mang Lauro.

"Wow, okupado natin ang isang mahabang mesa," bulalas ni Jared. "Hindi kaya napasubo ka lang, Diwa, sa pag-anyaya mo sa amin? Nanay ko nga pala, si Aling Dina," pakilala niya sa ina.

"Hello po, Tita." Magiliw pang kumaway si Diwa sa ginang.

"At ito ang aking makukulit na kapatid, si Buriko, si Kylah, at si Pauline," may pagmamalaking pakilala ni Jared sa mga kapatid.

"Sige po, maupo na kayo. Tita, dito po kayo," magalang na anyaya ni Diwa.

Tahimik namang naupo ang mga kapatid ni Jared, at gaya ng napagkasunduan, kailangang behaved ang mga ito.

"Ah, siya nga po pala, Tita, ito po si Yaya Meding, si Manang Gloria, at si Mang Lauro. Sila po ang mga kasama ko sa bahay namin," pakilala ni Diwa sa mga kasamahan nito. "Sige po, stay lang kayo diyan ha. Kami na lang ni Jared ang oorder ng food natin."

Magkasama ngang tinungo ng dalawa ang counter.

Matapos maka-order ng pagkain at bago bumalik sa mesa, tinanong ng binata kung anong bagay ang ibibigay ni Diwa sa kanya.

"Oo nga pala! Ito." Inilabas ni Diwa mula sa kanyang shoulder bag ang isang animo maliit na bolang kristal. "Protective crystal ito, bigay sa akin ng daddy ko. Proteksyon ko 'yan mula sa mga ghost na gustong lumapit sa

akin. Ibibigay ko sa 'yo ito, kasi feeling ko there is someone or something na ibig gumambala sa 'yo. Hindi pangkaraniwang pangitain iyong nakita ko sa 'yo noong nakaraan, Jared. Alam kong may kung anong bumabalot sa pagkatao mo nang makita kita n'on. Please kuhanin mo ito, walang mawawala sa atin kung maniniwala tayo. Si Daddy, super educated na siya. Pero sa study niya, naniniwala siya sa ibang dimension. Marami siyang ginawang pag-aaral tungkol sa mga paranormal activities, sa ghosts, evil spirits—lahat 'yon, pinag-aralan niya.

"Madalas na ikinukuwento niya sa akin ang lahat ng bagay na kanyang natutuklasan. Kaya nang magkaroon ako ng pangitain sa 'yo, kinabahan ako. Alam kong hindi pangkaraniwan ang nakita ko sa 'yo nitong nakaraan," pagtatapat ni Diwa saka inilagay sa palad ni Jared ang kristal. "Ingatan mo 'yan. Huwag na huwag mong ilalayo sa katawan mo ang kristal na 'yan. Iyan ang maglilitas sa 'yo sa kapahamakan, maniwala ka sa akin," mariing bilin pa ng dalaga.

Tinanggap ni Jared ang kristal, at tumuloy na sila pabalik ng mesa. Handa na ang mga pagkain sa mesa nang bumalik sina Jared at

Diwa.

"Okay, Yaya, lead the prayer please," hiling ni Diwa.

Tumalima naman si Yaya. "Bless us, O God. Bless our food and our drink. Since You redeemed us so dearly and delivered us from evil, as you gave us a share in this food, so may You give us a share in eternal life, Amen," taimtim na dasal ni Yaya.

"Okay, let's eat," muling anyaya ni Diwa.

Isang hindi malilimutang pagkakataon para kay Jared ang ginawa ni Diwa nang mga sandaling iyon. Doon niya nakilala kung gaano kabuting tao ang kanyang nakilalang customer. Sa mga naranasan at nasaksihan ni Jared, bihira sa mga mayayaman ang nakikisalamuha sa mga karaniwang taong katulad nila, katulad ng kanyang pamilya.

At dahil malaking van ang sinasakyan nina Diwa, nag-offer pa ito na ihatid na lamang sina Jared sa Santolan, dahil malapit lang naman ang lugar ng dalaga doon.

"Wow, over na over na ang ginawa mo, Diwa ha, may take home pang food ang mga kapatid ko," waring naasiwang saad ni Jared.

"Wala 'yon. Sayang naman kasi kung iiwan na lang natin ang natirang food. Hindi naman

p'wede sa house kasi hindi mahilig kumain ang mga kasama ko. Ako kasi ang madalas na mag-crave ng food, kaya nga madalas akong tumawag sa 'yo. Hindi naman ibig sabihin na hindi masarap magluto si Manang, mas kinasanayan ko kasi ang comfort foods na galing sa mga food chains," katuwiran ni Diwa.

Nang maihatid ng dalaga ang pamilya ni Jared...

"Salamat ha, baka gusto ninyong tumuloy sa maliit naming bahay," anyaya ni Jared.

"No, sa ibang araw na lang siguro. But remember ah, huwag mong ilalayo 'yong proteksyon mo, kahit sa pagtulog mo," paalala ni Diwa.

Sinunod nga ni Jared ang bilin ng kaibigan. Iningatan niya at inilagay sa maliit na telang lalagyan ang kristal na ibinigay sa kanya ni Diwa.

Maingat na itinago na lamang niya ang maliit na pulang kahon kung saan, nasa loob pa rin ang napulot niyang engagement ring.

Tanging si Aling Dina lamang ang naiiwan sa bahay sa tuwing pumapasok ang mga anak. Abala siya sa pag-aasikaso sa pares-pares

habang masayang nagkukuwentuhan ang ilang kostumer.

Napansin ng isang lalaking bumibili na may pumasok sa bahay. “Maaga yatang umuwi si Jared, Aling Dina. Hindi man lang bumati,” sabi nito.

“Ha? Paanong uuwi ’yon eh nagga-*Grab* ’yon,” takang balik ni Aling Dina.

“Nakita kong pumasok eh,” paniniyak ng kostumer.

Saglit na nakiramdam si Aling Dina kung may tao nga sa loob ng kanilang bahay. Mayamaya, isang malakas na kalampog nga ang narinig niya mula sa loob ng bahay.

“S’abi ko sa inyo may tao eh,” anang lalaki.

“Sandali, tingnan ko kung sino sa mga anak ko ang umuwi,” pamamaalam ni Aling Dina sa mga kumakain.

“Si Jared ’yon! Matangkad na lalaki at matikas eh, sigurado kong si Jared. Hindi ko nga lang namukhaan kasi hindi naman tumingin dito sa atin, tuluy-tuloy lang na pumasok,” patuloy pa ng lalaki.

“Jared, anak? May nakalimutan ka ba?” tawag ni Aling Dina mula sa pinto ng bahay.

Ngunit walang Jared na sumagot.

Dumerecho ng pasok sa pinto ang ginang

at tinungo ang sala ng bahay.

"Jared, anak? Pauline? Buriko? Kylah? Sino ba sa inyo ang umuwi?"

Biglang may malakas na kalabog siyang narinig, tila galing iyon sa loob ng silid ni Jared.

"Jared, anak? Ano ba'ng nalimutan mo?" patuloy ni Aling Dina.

Unti-unting humakbang siya palapit sa pinto ng silid ng panganay na anak. Biglang nagulantang ang babae sa biglang pagharap ng isang animo ay nagliliyab na lalaki.

Sa labis na pagkabigla, hinimatay si Aling Dina.

Agad namang dinamayan ito ng mga kostumer nito na nakarinig ng tili at pagbagsak nito. Tulung-tulong na inayos ng mga ito ang pagkakahiga ng ginang sa sofa sa sala ng bahay.

"Hangin! Kailangan ni Aling Dina ang hangin," sabi ng isang babae.

Kaagad namang ini-on ng lalaki ang standing fan na nasa sala ng bahay.

"Ano ba'ng nangyari?" tanong ng babaeng umupo sa silyang nasa tabi ng sofa na kinahihigan ng ginang.

"Hindi ko alam. Basta narinig naming

sumigaw nang malakas si Aling Dina, parang may kung anong kinakatakutang bagay, kasunod n'un ang pagkalabog. Nawalan pala siya ng malay," paliwanag ng lalaki na nagbaba ng baso ng tubig sa mesita para kay Aling Dina pagkagising nito. "Wala namang tao sa loob ng kuwarto, pero sigurado akong natanawan kong pumasok ang isang lalaki dito kanina. Sinabi ko nga kay Aling Dina na parang si Jared 'yung dumating."

Ilang sandali lang, naalimpungatan na si Aling Dina dahil sa ipinahid na *Katinko* malapit sa ilong nito.

"Aling Dina, si Sharon ito, kapitbahay mo. Ano po ba'ng nangyari? Napasugod ako dahil nagsigawan na ang mga kumakain sa labas. Pumasok kami agad dito," sunud-sunod na ani Sharon.

"Ano, sandali…" Halos hindi makapagsalita si Aling Dina.

"Ito po. Uminom muna kayo ng tubig," sabi ni Sharon, na inilagay sa kamay ng matanda ang baso.

Uminom nga ito.

Nakamasid lamang ang ilang kapitbahay kay Aling Dina, waring nahihiwagaan sa kung anong nangyari rito.

"Hindi kaya akyat-bahay ang nakita ni Aling Dina?" bulong ng isang kapitbahay sa isa pang kapitbahay.

"Napakalas naman ng loob ng akyat-bahay na 'yon, ang daming kumakain sa tindahan kanina," komento naman ng isang lalaki.

"Ano ba'ng nakita mo, Aling Dina?" muling tanong ni Sharon.

"Hindi ko mawari. Hindi ko matandaan, basta binalot na lang ang buong katawan ko ng kilabot, hanggang sa umikot na ang paningin ko at nawalan ako ng malay," paliwanag ng may-ari ng paresan.

"May nakita ba kayong tao sa loob ng bahay ninyo?" usisa naman ng isa pang kapitbahay.

"Hindi ko alam. Hindi ko mawari kung ano ba ang nakita ko at ganoon na lang ang kilabot ko," dagdag pa ni Aling Dina.

"Baka naman nasobrahan lang kayo ng pagod, Aling Dina, kaya nawalan kayo ng malay?" patuloy na pag-uusisa ni Sharon. "Ano, okay na ba ang pakiramdam ninyo? Baka nahihilo pa kayo?"

"Hindi, okay na 'ko. Mabuti na ang pakiramdam ko. Baka nga napagod lang ako at kung ano-ano na ang naglalaro sa utak ko," sabi ng matanda.

Ganoon na lamang ang pag-aalala ng mga anak ni Aling Dina nang mabalitaan ng mga ito ang nangyari sa ina.

"Hindi kaya mabuti na ipahinga muna natin ang pares-pares n'yo, Inay, para makapagpahinga kayo?" hiling ni Jared.

"Sayang naman kasi, anak, ang kikitain natin. Isa pa, nasanay na ang mga tao na dito nag-aalmusal sa atin ng pares-pares. Kapag itinigil ko, wala na silang makakainang murang pares-pares," katuwiran ng ginang.

"Mabuti pa, pumunta muna tayo sa doktor bukas para ma-check-up kayo. Para malaman natin kung tumataas na ang blood pressure ninyo," patuloy ni Jared.

"Anak, kagagaling ko pa lang kahapon sa health center! At binigyan nga nila ako ng gamot at vitamins. Basta, wala akong sakit. Baka nahilo lang ako sa biglang pagtayo ko kanina," katuwiran ni Aling Dina.

# IV

Napadaan sa tambayan si Jared nang papauwi na siya galing sa maghapong pagga-*Grab*. Natanawan niya si Kiffer na waring malungkot habang nag-iisa sa tambayan.

Ipinarada ni Jared ang kanyang motor malapit sa kinauupuan ng kaibigan.

"P're, long time no see, ah! 'Musta na?" bati rito ni Jared.

"Okay lang, p're," matamlay na tugon ni Kiffer.

"Parang hindi ka okay, p're. Bakit, may problema ba kayo ni Andrea?" usisa pa niya.

“Wala naman, okay pa rin naman kami. Ako lang ang may problema.” Nasa mukha ni Kiffer ang sinasabi nito.

“Baka makatulong ako?”

“Ano, p’re… personal eh. Nakakahiya naman sa ’yo kung pati ikaw, isasama ko sa problema ko,” mababa ang tono na sabi ni Kiffer.

“P’re, magkaibigan pa rin tayo kahit hindi na tayo madalas magkasama. Best friends pa rin tayo,” sagot ni Jared.

Sandaling natahimik si Kiffer, waring pinag-iisipan kung paano sisimulang sabihin ang problema sa kaibigan.

“Ano kasi…” Huminga muna ito nang malalim. “Parang gusto ko nang mag-propose ng kasal kay Andrea. Ang kaso, kapag sinabi ko naman ’yun sa mommy ko, alam kong hindi ’yon papayag. Ang gusto ko sana, kaming dalawa lang ni Andrea ang nakakaalam na engaged na kami. Parang gusto ko siyang bigyan ng promise ring,” pagtatapat ni Kiffer.

“Problema ba ’yon, eh di i-invite mo siya sa isang date, then, mag-propose ka sa kanya. P’re, hindi ka tatanggihan ni Bes ko kasi love na love ka noon,” paniniguro ni Jared. “Isipin mo ha, since elementary pa lang tayo, kayo

nang dalawa. Sa palagay mo ba, tatanggihan pa niya once na mag-propose ka?” Mahinang tinapik niya ang kaibigan sa likod.

“Oo nga, p’re, alam kong hindi ako tatangihan ni Andrea. Ang problema ko lang, wala akong pambili ng singsing,” pagsasabi na ni Kiffer ng tunay nitong problema.

Agad na sumagi sa isipan ni Jared ang engagement ring na napulot niya. Naisip niya na wala namang masama kung ibigay na lamang niya sa kaibigan ng engagement ring na napulot niya, tutal wala namang palatandaan kung sino ang tunay na may-ari ng singsing at walang paraan para maisauli niya iyon.

“Teka, p’re, may idea ako. Halika, sumama ka sa bahay. May ipakikita ako sa ’yo,” anyaya ni Jared sa kaibigan.

Nang makarating sila ng bahay nina Jared, agad na inanyayahan niya ang kaibigan sa sariling silid.

Inilabas niya ang engagement ring na napulot niya. Binuksan niya ang maliit na kahon sa harap ni Kiffer.

“Look! Mamahalin, di ba? Napulot ko ito sa kalsada, wala naman akong makitang pangalan o palatandaan na maaring gamitin upang maibalik sa tunay na may-ari ang

singsing na ito," paliwanag ni Jared.

Kinuha ni Kiffer ang maliit na kahon mula sa kaibigan.

"Wow! Ang ganda, p're! Mukhang legit na diamond ang nakalagay sa singsing," bulalas ng kaharap.

"Bago mo ibigay kay Andrea, try mo munang ipasilip sa mag-aalahas sa Cubao. Ipakilatis mo kung totoo nga. 'Wag mo na lang sabihin kay Andrea na napulot ko lang ang singsing, nakakahiya naman sa kanya kung napulot lamang ang ibibigay mo sa kanya," ani Jared.

"Ibibigay mo talaga sa akin ito?" paniniyak ng kaibigan.

"Siyempre. May problema ka, eh. Ngayon, solved na 'yon sa singsing na 'yan," balik niya.

"Paano ikaw?" tanong ni Kiffer.

Bahagyang napangiti si Jared. "P're, wala pa nga akong plano kahit manligaw man lang, mag-propose pa kaya?"

"Salamat, p're, hulog ka talaga ng langit sa akin. Hayaan mo, sa susunod, kapag ikaw naman ang magbalak na mag-propose, tutulungan din kita," pangako ng kaibigan.

Labis-labis ang pasasalamat nito sa kanya kahit nang papauwi na ito.

Nang sumunod na araw, naging abala na muli si Jared sa kanyang trabaho at pag-aaral. Subalit isang balita ang gumimbal sa kanya habang nanonood siya ng telebisyon.

Sa isang flash news sa telebisyon, at maging sa *Facebook* at iba pang social media platforms ay kumalat ang trending na balita. Isang lalaki at isang babaeng sakay ng maroon na *Honda Civic* ang nahulog sa Skyway sa bahagi ng Makati. Dead on the spot ang dalawang pasahero ng kotse, halos hindi makilala ang mga katawan dahil sa pagkasunog.

Binalot ng tila malamig na hangin ang buong katawan ni Jared, waring umalsa ang anit sa kanyang ulo nang mabalitaang ang kanyang mga kaibigan na sina Kiffer at Andrea ang lulan ng kotseng nahulog sa Skyway.

Labis ang pagdadalamhati ng dalawang pamilya nina Kiffer at Andrea. Halos buong paaralan, ipinagluksa ang pagkamatay ng dalawa.

Bago mangyari ang aksidente, tumawag pa si Kiffer sa kanya, excited ito na magkikita ito at si Andrea sa isang restaurant sa *Market!*

*Market!* at ayon pa sa kaibigan, dadalhin nito si Andrea sa pinakamataas na bahagi ng Skyway at doon magpo-propose sa kasintahan.

Tumawag din sa kanya si Andrea nang papalaalis na ang mga ito ng *Market! Market!* Ayon sa kanyang best friend, along C5 ang route ng mga ito patungong Bicutan, at saka muling bababa ng South Expressway at magpapatuloy hanggang Alabang at babalik ng Maynila gamit ang Skyway.

At iyon ang huling tawag na natanggap ni Jared sa kaibigang magkasintahan.

Labis ang kilabot na nadama ni Jared sa pangyayari. Pakiramdam niya, isa siya sa may kinalaman sa malagim na nangyayari sa magkasintahan. Matapos ang halos isang linggong lamay sa magkasintahan, inilibing ang mga ito na magkasama sa iisang nitso.

"Sorry, sorry, mga friends. Kung hindi ko ibinigay sa 'yo ang singsing, maaring buhay pa kayo. Kasi hindi mo naman magagawang mag-propose kay Andrea, Kiffer, kung wala kang singsing. Patawarin ninyo ako. Sana maging matahimik at matiwasay ang paglalakbay ninyo," naluluhang dasal ni Jared habang nakaharap sa libingan ng magkasintahan.

Isang gabi, dinalaw ng kakaibang panaginip si Jared.

*"Ano ba ang sorpresang sinasabi mo, Kiffer?" tanong ni Andrea.*

*"Basta mamaya mo na malalaman. Kumain muna tayo. Tapos, dadalhin kita sa lugar kung saan ko ibibigay sa 'yo ang sorpresa ko," masayang sabi ni Kiffer.*

*Matapos kumain, muling sumakay ang dalawa sa kotse ni Kiffer.*

*"Saan ba tayo? Saan mo ako dadalhin?" nakangiting tanong ni Andrea; halata ang excitement.*

*"Easy ka lang, sa langit kita dadalahin," bulalas ng nobyo sabay tawa.*

*"Wow, ha! Langit agad?" balik ni Andrea.*

*Binagtas ng kotse ang kahabaan ng C5 hanggang sa lumabas ang kotse sa South Expressway. Nag-U-turn ang kotse sa Filinvest sa Alabang at umakyat ng Skyway. Nang makarating sa mataas na bahagi ng Skyway sa Makati, inihinto ni Kiffer ang kotse.*

*"O, bakit tayo huminto?" tanong ni Andrea.*

*Inilabas ng lalaki ang pulang box at inilabas ang singsing.*

*Napatakip ang dalaga sa bibig sa sobrang*

*mangha sa alahas.*

*“Andrea, I want to be with you forever. I want to be married to you someday. Will you accept me?” tanong ni Kiffer.*

*“Yes, of course! Since elementary pa lamang tayo, tinanggap na kita, Kiffer. ’Til death do us part,” naluluhang sagot ng nobya.*

*Niyakap ni Kiffer ang kasintahan at mariing naglapat ang kanilang mga labi. Subalit biglang umarangkada ang kotse, mabilis na tumakbo kahit walang nagmamaneho.*

*“Oh my God! Ano’ng nangyayari, Kiffer! Ano’ng nangyayari?!” Nasa mukha ni Andrea ang labis na takot.*

*“Hindi ko alam…” sagot ng katabi nito.*

*Sinubukan ng binata na hawakan ang manibela, subalit waring may kung anong lakas ang nagmamaneho ng kotse, at mariing isinagad pa nito ang gas ng sasakyan.*

*Hindi nagawang pigilan ni Kiffer ang sasakyan, at nang matiyak na wala na itong magagawa sa nangyayari, niyakap nito si Andrea at hinintay na lamang kung ano ang susunod.*

*Ilang sandali pa, lumipad ang sasakyan papalabas ng Skyway, pumaimbulog muna ito paitaas at bumulusok paibaba.*

*Nagliyab ang kotse.*

Habol ang paghinga, agad na bumalikwas ng bangon sa kama si Jared. Basang-basa ng pawis ang buo niyang katawan. Habol ang paghinga, tuluyan siyang bumangon, nagsalin ng tubig sa baso at kaagad na uminom. Malinaw na nasaksihan niya ang totoong nangyari sa aksidente ng magkasintahan.

Samantala, lalo pang nadagdagan ang mga kakatwang pangyayari sa tahanan nila Jared.

Habang nanonood ng telebisyon sina Pauline at Kylah, bigla siyang nakarinig na may malakas na kumalabog mula sa loob ng silid ng panganay nila.

“Ate, dumating na ba si Kuya?” tanong ni Kylah.

“Ewan ko, parang wala pa naman siya, di ba?” sagot ni Pauline.

“Bakit parang may kumakalabog sa loob ng kuwarto niya?” Nasa mukha ng dalagita ang pagtataka.

“Baka nasa loob si Buriko. Alam mo namang mahilig ’yung maglaro sa silid ni Kuya, di ba?” paliwanag ni Pauline.

“Sandali nga, tingnan ko nga kung si Buriko

ang kumakalabog. Papagalitan na naman 'yan ni Kuya kapag nagulo na naman ang mga gamit d'un." Tumayo si Kylah at tinungo ang pintuan ng silid ni Jared. "Buriko, lumabas ka diyan! Lagot ka kay Kuya, isusumbong kita pagdating niya," pananakot ni Kylah sa kapatid. "Buriko! S'abing lumabas ka diyan, eh!" Itinulak ni Kylah ang dahon ng pinto.

Tumambad sa mga mata ni Kylah ang isang lalaking nakatayo, sabog ang mukha at balot ng dugo ang buong katawan.

Malakas ang naging sigaw ni Kylah. Agad namang lumapit si Pauline sa kapatid, at mula sa pintuan, kitang-kita rin ni Pauline ang isang duguang lalaking nakatayo malapit sa cabinet ni Jared.

Kapwa malakas na sumigaw ang magkapatid. Agad namang pumasok sina Aling Dina at Buriko.

"Bakit, ano ba'ng nangyayari sa inyo!" tanong ng ginang sa dalawa. Parehong hindi makapagsalita ang mga anak, nangangatal ang buong katawan ng mga ito at tila ba sinasapian ng kung anong espiritu.

Mabilis na lumabas si Buriko at humingi ng tulong sa mga kapitbahay. Agad namang dumating ang mga ito at sumaklolo sa

dalawang batang babae na tuluyang nawalan kapwa ng malay.

“Diyos ko, ano ba’ng nangyayari sa mga anak ko? Ano’ng mayroon sa bahay namin? Bakit nagkakaganito sila?” nalilitong sambit ng ginang.

“Aling Dina, maaring ang nakita ninyo noon nang mawalan kayo ng malay, ay siya ding nakita ng dalawang mong anak sa silid ni Jared,” paliwanag ni Sharon. “Kinakabahan na ’ko. Hindi na biro ang nangyayari sa bahay mo. Una, si Buriko, nakita ang duguang mukha ng kanyang kapatid. Tapos kayo, hindi lamang ninyo mawari kung ano ang nakita ninyo at nawalan kayo ng malay-tao. Ngayon, ang dalawa ninyo namang anak, ano’ng gagawin natin?” tanong ni Sharon. Nag-usap-usap sila kung paano dadamayan ang pamilya ni Aling Dina.

At nang bumalik ang malay ng dalawa, nanginginig pa rin sa takot ang mga ito.

“Duguang lalaki! Duguang lalaki ang nasa loob ng silid ni Kuya Jared,” bulalas ni Kylah na nangangatal pa rin sa labis na takot.

“Opo, isang lalaki ang nakatayo sa loob ng silid ni Kuya. Kitang-kita ko po, duguan po siya! Tumingin pa po siya sa amin kaya

hinimatay po kami sa takot," naluluhang pagtatapat ni Pauline.

"Aling Dina, ganoon din po ba ang nakita ninyo noon?" usisa ng isa pang babae.

"Oo, nawawari ko na. Isang duguang lalaki ang nakita kong nakahiga sa kama ni Jared, balot siya ng dugo, halos wasak ang kanyang buong mukha." Noon lamang naalala ni Aling Dina ang nilalang na kinatakutan nito nang pumasok sa silid ng anak.

"Siguro, dumito na muna tayong lahat, samahan muna natin ang mag-iina," suhestiyon ni Sharon. "Si Jared, wala pa ba?" tanong pa nito kay Aling Dina.

"Darating na 'yon," marahang tugon ng ginang.

Labis ang pagtataka ni Jared nang datnan niya ang maraming tao sa kanilang bahay.

"Bakit, Inay, ano'ng nangyari?" kinakabahang tanong ng binata sa ina.

"Anak, may nanggugulo sa loob ng bahay natin. Kung ano'ng nasaksihan ni Buriko noon sa 'yo, ganoon din ang nakita ko, at ang nakita ng dalawa mong kapatid kani-kanina lang—isang duguang lalaki, isang duguang lalaki na wasak ang mukha," kuwento ni Aling Dina.

Kinilabutan si Jared. Hindi niya lubos

maisip kung bakit nangyayari ang mga bagay na iyon sa kanyang pamilya. Ang unang nakasaksi sa sinabi ng kanyang ina ay si Diwa, nasaksihan din ni Diwa na tigmak ng dugo ang buo niyang katawan tulad ng nakita ni Buriko. Subalit kung wala siya sa kuwarto nang makita ng kanyang ina ang duguang lalaki, ganoon din ang dalawa niyang kapatid, sino ang duguang lalaking nasa loob ng kanyang silid?

Isang ispiritista ang pinuntahan ng isang kapitbahay nila, at agad naman itong dumating sa tahanan ng mag-iina.